b24

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

Enero 15, 2020

Sa: Mga Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Punong Guro ng mga Pampublikong Paaralang Elementarya at Sekundarya ng EDDIS I at II

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Tanggapan ng Punong Lalawigan ay magdaraos ng pagdiriwang ng **ika-121 Anibersaryo ng Araw ng Republikang Filipino, 1899.** Ito ay gaganapin sa **Enero 23, 2020, Huwebes, ganap na ika-8:00 ng umaga,** sa **Pook Pangkasaysayang Simbahan ng Barasoain, Lungsod ng Malolos, Bulacan.**

Kaugnay nito, kayo ay inaatasang dumalo suot ang kasuotang *Barong Tagalog para sa mga kalalakihan at Filipiniana para sa mga kababaihan* upang saksihan ang makasaysayang araw na ito.

Para sa kabatiran at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

Lubos na sumasainyo,

GHPascual

**GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Liham Pansangay Bilang 018, s. 2020

Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com* *email. bulacan@deped.gov.ph*

# TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Enero 10, 2020

**GNG. GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
*Schools Division Superintendent*
*Department of Education - Bulacan*
Lungsod ng Malolos, Bulacan

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
JAN 14 2020
By:
Time: 3:37

SDO OF BULACAN
RECEIVED
JAN 14 2020
By: 100 2:42

Mahal na **Gng. Pascual:**

Pagbati!

Taglay ang pagpapala ng kalayaan, at pag-asang hatid ng demokrasya, pinasinayaan ang unang republika sa buong Asya at Africa sa Dambana ng Barasoain, isang daan at dalawampu't isang taon na ang nakararaan. Kung saan hindi lamang kalayaan mula sa pang-aalipin ng mga banyaga ang layuning ipinaglaban ng ating mga bayani, bagkus ay ang pagnanasang pamahalaan ang sariling bayan at itaguyod ang pangkalahatang kapakanan ng mga mamamayan.

Tungo rito, marapat lamang na ating maringal na gunitain ang okasyong ito bilang pagkilala sa pinakamahalagang kaganapang ito na higit na nagpatingkad sa kasaysayan ng ating bansa.

Kaugnay nito, malugod naming kayong inaanyayahan kasama ang **isandaang (100) principals at district supervisors,** na dumalo at makibahagi, sa pagdiriwang ng **Ika-121 Anibersaryo ng Araw ng Republikang Filipino, 1899** sa **Enero 23, 2020, Huwebes, ganap na ika-8:00 ng umaga**, sa **Pook Pangkasaysayan Simbahan ng Barasoain, Lungsod ng Malolos, Bulacan**.

Inaasahan ang inyong mahalagang pagdalo at lubos na pakikiisa sa nabanggit na gawain.

Maraming salamat.

Lubos na sumasainyo,

**DANIEL R. FERNANDO**
Punong Lalawigan

#ThePeoplesGovernor
2F Capitol Building, Guinhawa,
City of Malolos, Bulacan 3000
Telephone no.: +63 44 791 8148/49/50
Fax No.: +63 44 791 0853



